

PAGSESENTRO NG MGA TINIG NG PAMAYANAN: PAGMUNI-MUNI SA TUGON NG KING COUNTY SA PANDEMYA

nina Tara Lawal at Jodilyn Owen mga Rainier Valley Midwives, kasama si Gabriel Spitzer ng Pamublikong Kalusugan – Seattle at King County

Nang tumama ang COVID-19 sa ating rehiyon noong nakaraang taon, nakita natin kaagad kung gaano ito kapanganib para sa ating mga kliyente. Ang mga Rainier Valley Midwives (RVM) ay nakipagtulungan sa mga taong buntis at kanilang pamilya upang mapabuti ang kinalabasan ng kalusugan ng magulang at sanggol sa lugar ng Seattle. Alam namin na ang sakit na ito ay magpapalala sa mga pagtatangi ng lahi na kinakaharap natin araw-araw — ang parehong maliwanag na pagkakaiba na humantong sa mas kakaunting magagamit na pangangalaga sa pagbubuntis at ang pagdami ng mga sanggol na ipinanganak ng hindi husto sa buwan sa populasyong aming pinaglilingkuran.

Isang nakababahalang halimbawa: Ang mga ltim at Katutubong tao na buntis sa King County ay nakaranas ng pagkamatay ng sanggol na dalawa at tatlong beses ang taas sa kabuuan ng county.

Ang istorya ng aming pinagmulan — sino kami at ano ang tungkol sa amin — ay talagang may kaugnayan sa mga taong tradisyonal na minamaliit na mga tao sa Rainier Valley. Kami ay may malalim, personal na pang-unawa, batay sa karanasan sa buhay, sa mga paraan kung saan ang rasismo at kapootang pangkababaihan ay humubog sa pakikibaka at pagkakaiba na nararanasan ng mga kababaihang may kulay, lalo na ukol sa pangkalusugan sa pag-aanak. Kami ay may personal na karanasan sa pagharap sa mga limitadong opsyon sa panganganak at pangkalusugan sa pag-aanak. Kami ay may karanasang makita ang aming mga miyembro ng pamilya at mga kaibigan na harapin ang mga hadlang sa pagkamit at pagsaklaw sa pangagalaga ng kalusugan. Kami ay may personal na karanasan sa redlining (tinanggihan na pautangin dahil nakatira sa isang lugar na



Ang mga may akda, Tara Lawal at Jodilyn Owen, ng Rainier Valley Midwives.

Kami ay may karanasang makita ang aming mga miyembro ng pamilya at mga kaibigan na harapin ang mga hadlang sa pagkamit at pagsaklaw sa pangagalaga ng kalusugan. Kami ay may personal na karanasan sa redlining (tinanggihan na pautangin dahil nakatira sa isang lugar na

itinuturing na mapanganib sa pananalapi), ipinagbabawal at mapanilang kasanayan sa pagpapautang, kasanayang pagbubukod sa pagtanggap sa trabaho at iba pang mga instrumento sa institusyonal na rasismo.

Ang lawak ng mga 'di pagkakapantay-pantay na iyon ay hindi mas naging malinaw kumpara noong 2020. Nang lumitaw ang COVID, kaagad kaming kumilos upang siguraduhin na ang mga magsisilang na pamilya ay mayroon pa ring mga mapagpipilian para sa pangangalaga at panganganak sa panahon ng COVID, ang pagpapalit sa mga grupo ng pagpapasuso sa bertwal na mga Lactation Lounges, ang pagpapadala ng mga gamit direkta sa mga pamilya, at ang pagharap sa maligalig na sistema ng pangangalagang pangkalusugan. Gaya ng ibig naming sabihin, hindi namin iniisip ang nasa loob ng kahon— kundi paano ito masisira upang makahanap ng mga totoong solusyon para sa mga pamilya at pamayanan.

Sa aming pagmamadali upang malaman kung paanong susuportahan ang mga buntis na tao sa panahon ng pandemya, kinikilala ng Pamublikong Pangkalusugan — Seattle at King County na ang pagtugon sa COVID-19 ay hindi maaaring paghiwalayin mula pagharap ng mga pagkakaiba-iba sa kalusugan na nakapipinsala sa mga pamayanan ng mga BIPOC. Nang lapitan nila ang Rainier Valley Midwives upang sumama sa pagsisikap noong Mayo, nakikipag-ugnayan na ang Pamublikong Kalusugan sa mga pangkat na nakabatay sa pamayanan sa buong King County at tumatayong mga organisasyon at mga puwersa ng gawain upang isama sila sa pagtugon sa pandemya.

Pandemya at Rasismo – Tagsibol at Tag-init, 2020

Karamihan sa mga gawaing iyon ay pinagsama bilang Pandemic Community Advisory Group, na nagsimulang magpulung lingguhan noong Marso 2020, na binubuo ng isang pinagtagpi-tagping organisasyon sa buong King County, kasama ng mga kasosyo sa institusyon.

Nagsimula ito bilang isang paraan para sa Pamublikong Kalusugan upang maikalat ang impormasyon sa mga pamayanan ang tungkol sa kung paano labanan ang pagkalat: magsuot ng mga maskara, iwasan ang pagtitipon at paghuhugas ng iyong mga kamay. Ngunit sa pag-usad ng pandemya, ang grupong ito ay sumailalim sa isang malalim na ebolusyon.

Noong Hunyo, nang ang mga tao sa buong bansa ay bumangon sa pagkasuklam sa sistematikong rasismo at brutalidad ng pulisya, ang Pandemic Community Advisory Group ay nagpasyang pormal na isama ang krisis ng pamublikong kalusugan ng rasismo sa kanyang misyon: ang PCAG ay naging PARCAG — ang Pandemic and Racism Community Advisory Group.

Sa paglipas ng oras, ang pagpapahalaga sa PARCAG ay nabago sa mas tumitinding pamamaraan ng paghimok sa pamayanan. Ang samahan ay mas lumaki upang isama ang mga boses na naiwan dati.

Ang mga pagpupulong na iyon ay masisigla, at mas lalong humigit pa. Kami ay partikular na napukaw sa Alliance of People with disAbilities. Habang pinapanood ang kanilang ehekutibong direktor, Kimberly Meck, ang itaguyod ang kanyang mga pamayanan at suriin ang mga kakulangan sa pampublikong kalusugan ay tulad ng isang master class sa adbokasiya.

Nakita namin ang lahat ng paraan kung saan ang aming trabaho ay bumabagtas sa kanyang trabaho, at kasama ng pamayanan ng Ethiopia sa King County, ang Community Health Board Coalition, Casa Latina, American Indian Health Commission at iba pang mga organisasyon sa pamayanan.

Sa mga pagpupulong ng PARCAG, isinalaysay nila ang mga paghihirap at kawalan ng karapatan na aming ikinalungkot sa mga pagpupulong sa RVM, ngunit heto sila, nagsasabi nang malakas! Ito ay isang pambihirang koneksyon at pagpapalaki ng napakaraming mga isyu na mahalaga sa mga pamayanan sa buong King County.

Sino ang namumuno? – Taglagas, 2020

Noong Taglagas, sumailalim ang PARCAG ng isa pang pagbabago: ipinasa ng King County ang pamumuno ng organisasyong ito sa mga miyembro nito. Isang bagong namumunong komite, na binubuo ng limang mga kinatawan ng mga organisasyong nakabatay sa komunidad at isa mula sa Pampublikong Kalusugan, ang mamumuno sa sa gawain.

Sa simula, ang mga organisasyong nakabatay sa pamayanan ay sumusunod lamang habang ang King County ang nangunguna sa mga pagpupulong. Ang paghiling lamang na magpakita ay isang pag-unlad na. Ngayon, hinihiling sa amin na magpakita ng lakas. Kami ang nangunguna sa mga pagpupulong. Kami ang mamamahala sa adyenda. Kami, kung posible, ang nangunguna sa patakaran. Kasama ng suporta ng county, binago namin ang Pandemic and Racism Community Advisory Group sa isang matipuno, dinamiko, organisasyong pinangungunahan ng komunidad, na may ngipin.

Sa unang pagpupulong na pinangunahan ng mga miyembro ng pangkat ng advisory, naramdaman namin ang pagkakaiba. Sa aming pakiramdam ito ay pamilyar. Sa mga puwang ng maraming kultura, karaniwan naming sinusuri muna ang isa't isa, pahalagahan ang mga pangangailangan at problema ng pamayanan at mga indibidwal, at gumawa ng mga malikhaing paraan upang makahanap ng mga solusyon. Ang gumagabay na komite ay gumawa ng mga pagbabago sa tipikal na adyenda, nagbibigay ng mas maraming oras sa mas kakaunting paksa kada pagpupulong upang mabigyan ng buong pagsisiyasat sa mga isyu. Ang mga naunang pagpupulong na pinamunuan ng mga miyembro, at ang pagbabago sa kaisipan na kanilang ipinakita, ay isang nagpapagaling na karanasan para sa amin.

Ang bagong kaayusang ito ay gumising sa amin sa maraming mga interseksyonalidad na pinagbabatayan ng aming mababaw na mga pagkakaiba. Naging mas mahusay kami sa pagtugon sa lahat ng mga antas na iyon, pagdirekta sa mga tao sa mga

kasosyo ng PARCAG para sa suporta sa pagiging magulang na may kapansanan, o tulong sa pagkain, o kawalan ng seguridad sa pabahay.

Alam natin na ang ating nabali at makasaysayang sistemang rasista ay may mga nakakaapekto sa kalusugan ng mga tao at pamayanan na malalim at sa maraming pamamaraan. Ang aming karanasan sa PARCAG ay nagpagaling sa amin na makita ang mga epektong iyon at ang magbigay ng mas tugmang pangangalaga sa pangkalusugan para sa mga taong nakaharap sa kanila.

Ang sagot sa pandemiyang ito ng ating organisasyon at ng ating county na batay sa pamayanan ay patuloy na lumalago — walang pahinga mula sa ebolusyon. Ito ay isang brutal na paulit-ulit na proseso: Kailangan mong gumising araw-araw na handang matuto. Ito ay mahirap na trabaho at hinahamon ang mga konsepto na ating pinanghahawakan sa sarili, ngunit ito rin ay maaaring magpabago sa mga sistemang maliit at malaki. Kami ay nakatuon sa patuloy na pag-aaral at kami ay napaka-suwerteng masama sa mga iba pang mga organisasyong gumagawa din ng ganitong gawain at nais na saliksikin ang mga napakahirap na usapin na iyon at magkasamang makita ang mga resulta.

May mga hadlang sa gawaing ito — ang anumang pangangailangan sa oras at malikhaing enerhiya mula sa mga organisasyon na madalas ay pinangunahan ng mga taong napapailalim sa kung anumang kanilang ipinaglalaban at para sa isang malaking kahilingan. Ang mga malalaking, institusyonal na organisasyon na kinakatawan sa PARCAG ay kailangang doblehin ang kanilang pangako na magpakita, makinig, matuto at makipag-ugnayan.

Walang institusyon na makakaiwas sa trabahong ito. Sa RVM kami ay gumawa ng mga malalaking pagbabago sa 2021 upang panagutin ang aming mga sarili na bumuo ng isang patas na pinagtrabahuhan. Natutunan namin na ito ay nagsisimula galing sa loob palabas kasama ng pag-unlad ng liderato, ang patuloy na pagsasanay sa tauhan at sa lupon, at ang pakikipag-ugnayan sa pamayanan.

Ito ay maselan, umuubos-panahong trabaho na nangangailangan ng pagbabahagi ng mga mapagkukunan, ang pagangat at pagsesentro ng pamayanan nang walang kaakuhan at pag-aambag dahil ito ang tamang gawin. Ang PARCAG ay isang paraan kung saan ang gawaing iyon ay kayang harapin nang magkakasama, basta lahat tayo ay magpakita.

Para sa mga malalaking tagapondo sa ating county, oras na upang tanungin ang kanilang sarili: Anong gawain ang kailangan ba nating gawin upang bumuo ang kakayahan sa pamayanan? Paano tayo magtrabaho upang matulungang ang ating mga empleyado at mga pamayanan na makamit ang kanilang mga layunin? Tayo ba ay nagpapakita sa mga paraang nagtataguyod ng kalusugan ng mga organisasyong humihimok sa pamayanan, at nagbubuhos ng mga mapagkukunan sa kanila sa halip na subuking ipataw ang ating mga sariling prinsipyo at disenyo sa kanilang tunay na

pangangailangan? Paano tayo makakapag-ambag at makalikha imbes na magkonsumo?

Ang PARCAG ay pinahintulutan tayong gawing makatao ang isa't isa — ang mga Zoom breakout rooms ay isang magandang paraan ng pagbalanse — na may pamumuno mula sa mga malalaking institusyon kung saan naroon ang mga bata at mga alagang hayop at mga timbre sa pinto at pagkapagod, gaya ng pamumuno mula sa mga organisasyon batay sa pamayanan.

Kami ay umaasa na ang mga sandaling ito ay makatutulong na buksan kami sa pag-aaral sa, mula, at tungkol sa bawat isa at humantong sa panloob at panlabas na mga pagbabago na lubos na kinakailangan ng ating lipunan ngayon.



Mula kaliwa papuntang kanan: (1) Isang Rainier Valley Midwives na sanggol; (2) Arneidra Austin, Tagapagturo ng Kalusugan ng RVM at ang punong-abala ng dalawang beses sa isang lingguhang grupong pang-edukasyong prenatal na bukas sa komunidad; at (3) Jenn

Ang pagsusumikap ay nagsisimula pa lamang – 2021

Ano ang tunay na ibig sabihin ng pagsentro ng tinig ng mga Itim, Asyano, taga-Isla Pasipiko at Katutubong tinig at mga organisasyong nakabatay sa pamayanan? Nangangahulugan ito ng patuloy na pangako sa pagpapanatili ng lakas at pondo sa

pamayanan. Nangangahulugan ito ng pag-aksyon sa mga ideya ng pamayanan at pagbibigay ng mga kasangkapan at mapagkukunang kinakailangan para sa mga hinihimok ng pamayanan at mga pinangunahang programa at serbisyo.

Tayo ay madalas na naging taga-tanggap ng karot na iniaabot sa mga organisasyon ng pamayanan sa King County na iyon pala ay mas nangangailangan ng napakaraming oras at trabaho na mas magastos ang pagtanggap ng karot kaysa sa hindi pagpansin nito. Ito ay isang pangkaraniwang karanasan sa mga maliliit na organisasyon na nakabatay sa pamayanan at kung kaya't tayo ay madalas na naiiwan, kahit na tayo ang gumagawa ng karamihan sa gawain sa mga paraang mahalaga sa pamayanan.

Bilang Pampublikong Kalusugan — sinisimulan ng Seattle at King County ang pagbabago tungo sa mas malaking tungkulin para sa pamayanan sa paggawa ng patakaran, mayroon ang potensyal para sa tunay na muling pagbubuo ng kapangyarihan kung saan ang mga politikal at pangkalusugang sistema ay maaaring makapulot ng aral. Ikinararangal namin ang magbigay ng aming oras sa kapwa paglikha ng modelong ito kasama ng maraming pang ibang mga minamahal at importanteng organisasyon at ang kawani at namumuno ng Pampublikong Kalusugan — Seattle at King County at inaasahan ang pagbabahagi ng patuloy na pagsisikap sa 2021.

Orihinal na nailathala noong Setyembre 1, 2021